# DE LA SALLE UNIVERSITY

Patriyarkiya at Seksismo sa mga Piling Salita
sa *Vicassan Pilipino-English Dictionary*
at *Diskyunaryo ng Wikang Filipino*

Inihahandog kay
Dr. Buenaventura S. Medina, Jr.
Advayser

bilang pagtupad sa mga
pangangailangan sa XFMTES2
MALL-Filipino

Departamento ng Filipino
Universidad ng De La Salle

Ipinasa ni
Pia Arboleda
25 Agosto 1995

AKLATANG EMILIO AGUINALDO - INFORMATION RESOURCE CENTER

## Nilalaman

Pahina

I. Introduksyon:
A. Panimula . . . . . . 1
B. Pahayag ng Suliranin . . . . . . 4
C. Pahayag ng Hypothesis . . . . . . 4
D. Mga Gabay na Teorya sa Pagsusuri . . . . . . 5
E. Definisyon ng mga Termino . . . . . . 11
F. Kahalagahan ng Pag-aaral . . . . . . 14
G. Saklaw ng Pag-aaral . . . . . . 20
II. Kaugnay na Literatura . . . . . . 22
III. Pamamaraan
Disenyo ng Pag-aaral . . . . . . 28
Pagkukunan ng Datos . . . . . . 29
Pamamaraan ng Pananaliksik . . . . . . 29
IV. Pagsusuri
A. Babae / Lalaki : Maybahay / Tao . . . . . . 31
B. Manika / Malikot :
Sosyalisasyon at Istiryutayp . . . . . . 36
C. Kiri at Kerida :
Pang-iinsulto at Kaapihang Verbal . . . . . . 44
D. Landi / Ligaw :
Pasiviti at Agresyon . . . . . . 50
E. Tigas / Tali :
Pagkontrol sa Reprodaktiv na Karapatan ng Kababaihan . . . 57
F. Habonera / Habonero :
Ang Feminin Bilang Reseptakel . . . . . . 59
G. Gabay sa Nonseksist na Paggamit ng
Wikang Filipino . . . . . . 62

V. Konklusyon at Rekomendasyon . . . . . . 66

VI. Mga Tala . . . . . . 69

# Ikalimang Bahagi

## Paglalagom at Rekomendasyon

### Paglalagom

Napatunayan ng pag-aaral na sinasalamin ng diksyunaryong Filipino ang patriyarkal na lipunan at kulturang Filipino. Ang dalawang diksyunaryo ay puno ng mga termino at kahulugang seksist.

Mula sa salitang *babae* at *lalaki*, nakita na ang di-pantay na kalagayan ng mga tao sa lipunan. Ang babae ay natatali sa domestikong larangan ng lipunan, ang lalaki naman sa pampublikong aspekto. Ang mga gampaning ito ay itinatakda mula sa pagkabata hanggang sa paglaki. Ipinalalaganap ng wika ang mga istiryutayp na larawan ng babae at lalaki sa lipunan. Kitang-kita ito sa mga salitang *tomboy* at *bakla* na iginagawad sa mga batang hindi nakakasunod sa mga katangiang inaasahan ng lipunan. Matindi ang kaapihang nararanasan ng mga babae dahil sa seksismo, ngunit ang mga lalaki ay nakakaranas din ng diskriminasyon. Halimbawa, tinatawag na *ander*, *ehong*, *duwag* ang mga lalaking hindi macho.

Ang istiryutayp ng pagsasawalang-kibo, pagiging 'birhen' ng mga babae at pagiging macho at agresibo ng mga lalaki ay ipinalalaganap din ng wika. Lalaki ang aktibo sa lahat ng gawain --mula sa pagpapasya ng pagpapakasal hanggang sa pakikipagtalik. Ang agresyon ay lumilitaw sa semantiko at pisikal na paraan--mula sa kaapihang verbal na natatanggap ng mga kababaihan hanggang

sa *sexual harassment* at *rape*, na ginagawa pang lehitimo ng wika.

Ang pagpapakahulugan ay laging nanggagaling sa punto de vista ng mga lalaki. Kitang-kita ito sa paggamit ng salitang *babae* bilang *kerida*; pati na rin sa napakaraming termino para sa *kiri*, *kulasisi* at *puta*. Makikita ito lalung-lao na sa napaka-seksist na definisyon ng *hima*. Ang pagkontrol sa reprodaktiviti ng kababaihan ay napatunayan dahil sa mga salitang *tinalian*, isang metafor ng domestikasyon.

Nailarawan din ang kaibahan ng konotasyon sa paggamit ng hulaping maskyulin at feminin. Ang mga salitang may hulaping maskyulin ay nagpapatungkol sa tao, habang ang hulaping feminin at nagpapatungkol sa mga bagay.

Ilan lamang ito sa mga halimbawang nagpapakitang kamalayang patriyarkal ang humuhubog sa diksyunaryong Filipino.

Nararapat lamang palitan, iwasan, burahin, labanan ang mga pangkulturang bias na napapaloob sa paggamit ng wika. Iminumungkahing gamitin ang gabay sa nonseksist na paggamit ng wika.

**Rekomendasyon**

Maaaring pang pag-aralan ang seksismo sa aktuwal na paggamit ng wika--sa radyo, telebisyon, dyaryo, sa wikang ginagamit sa kalsada, klasrum at komunidad.

Aklatang Emilio Aguinaldo - Information Resource Center, De La Salle University-Dasmariñas, Dasmariñas, Cavite, Philippines • Since 1977 •

Maari ding gumawa na ng isang feminist o politically correct na diksyunaryo sa Filipino.

**Konklusyon**

Gaya ng nabanggit na, ang gabay ay panimula lamang. Inuulit ng mananaliksik na hindi dito nagtatapos ang pagbubuwag sa seksismo. Nangangailangan ng suporta ang pag-aaral na ito lalung-lalo na sa larangan ng pagpapalaganap ng nonseksismo. Matatagalan pa bago mapasali ang mga rekomendasyon sa mga susunod na edisyon ng diksyunaryo. Gayunpaman, ang bawat kontribusyong ay makakatulong sa pagpapabilis ng proseso ng pagpapalaya.

Ipinananalanging makakatulong ang pagsusuring ito sa pagtataguyod ng karapatan ng kababaihan upang makapamuhay tayong lahat sa isang lipunang malaya.

AKLATANG EMILIO AGUINALDO - INFORMATION RESOURCE CENTER De La Salle University-Dasmariñas • Since 1977 • Dasmariñas, Cavite, Philippines